

IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA FILIPINO 4

Pangalan: _____

Iskor: _____

Baitang at Seksyon: _____

Petsa: _____

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sa isang kuwentong bayan, may isang matapang na batang nagligtas ng isang nalulunod na kuting. Sa iyong palagay, bakit ginawa ng bata ang ganitong kabutihang loob?
 - a. Gusto niyang magpasikat sa mga kaibigan niya.
 - b. Nakasanayan na niyang tumulong sa mga nangangailangan.
 - c. Natatakot siya na baka pagalitan siya ng kanyang magulang.
 - d. Wala siyang magawa kaya't niligtas niya ang kuting.
2. Sa anekdotang binasa, ang pangunahing tauhan ay nagsikap mag-aral kahit na mahirap ang kanyang kalagayan. Ano ang kahulugan ng sinabi ng tauhan na, "Ang pagsisikap ay daan sa tagumpay"?
 - a. Dapat laging magpahinga kapag pagod.
 - b. Hindi mahalaga ang tagumpay, basta masaya.
 - c. Kung nagsusumikap ka, magtatagumpay ka sa buhay.
 - d. Ang tagumpay ay isang bagay na ibinibigay lamang sa mga maswerteng tao.
3. Sa isang tulang pambata, sinabi ng isang karakter na "Parang ibong walang pakpak ang batang walang pangarap." Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito?
 - a. Walang kakayahan ang mga bata na lumipad.
 - b. Mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap para magtagumpay sa buhay.
 - c. Walang kabuluhan ang mga bata na hindi nag-aaral.
 - d. Ang mga bata ay laging nangangailangan ng gabay ng magulang.
4. Alin sa sumusunod na pahayag ang gumagamit ng asonansya?
 - a. "Ang mga ibon ay masayang umaawit sa umaga."
 - b. "Si Pedro ay naglinis ng kaniyang kwarto buong araw."
 - c. "Ang ulan ay tila kumakanta habang pumapatak sa bubong."
 - d. "Ang hangin ay humuhuni ng malumanay sa hatinggabi."
5. Basahin ang pangungusap: "Ang alon sa dalampasigan ay umaatungal sa katahimikan ng gabi." Ano ang tayutay na ginamit sa pahayag na ito?
 - a. Asonansya
 - b. Personipikasyon
 - c. Metapora
 - d. Simili
6. Pumili ng tamang halimbawa ng asonansya sa mga sumusunod na pahayag:
 - a. "Ang kidlat ay bumagtas sa madilim na kalangitan."
 - b. "Si Lola ay nagluto ng masarap na puto sa madaling araw."
 - c. "Ang alon at ulan ay nag-uusap sa ilalim ng buwan."
 - d. "Si Juan ay masaya dahil nakatapos siya ng takdang-aralin."
7. Basahin ang sumusunod na pangungusap mula sa isang akda: "Si Nena ay laging tumutulong sa kanyang mga magulang sa pagtanim ng gulay sa kanilang likod-bahay. Masipag siyang mag-ani tuwing Sabado." Kung ikaw ay nasa sitwasyon ni Nena, ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa iyong pamilya?
 - a) Manood ng telebisyon habang nagtanim ang iba
 - b) Sumama sa mga kaibigan at maglaro
 - c) Tumulong sa pagtanim at pag-aani ng mga gulay
 - d) Magtago sa silid kapag oras na ng pagtanim
8. Sa isang kwento, sinabi na si Lito ay nagtitinda ng mga puto at kutsinta tuwing Linggo upang makatulong sa pag-aaral ng kanyang mga kapatid. Kung ikaw ay nasa kalagayan ni Lito, ano ang pinakamainam mong gawin?

- a) Gumising ng maaga upang magtinda ng puto at kutsinta
 - b) Hilingin sa mga kapatid na sila na lang ang magtinda
 - c) Pumunta sa mga kaibigan at iwasan ang pagtitinda
 - d) Manatili na lang sa bahay at hindi na magtinda
9. Sa akda, binanggit na si Pedro ay tumutulong sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng paglilinis ng mga kanal upang maiwasan ang pagbaha. Kung ikaw ay nasa komunidad ni Pedro, ano ang maaaring maging kontribusyon mo?
 - a) Magtapon ng basura sa kalsada
 - b) Tumulong sa paglilinis ng kanal upang maiwasan ang pagbaha
 - c) Iwasan ang paglilinis at hintayin na lang ang ibang tao na gumawa
 - d) Manatili na lang sa bahay kapag oras na ng paglilinis
10. Basahin ang talaarawan ni Carla:

"Enero 1, 2024: Masaya kami ngayon dahil buong pamilya ay nagdiwang ng Bagong Taon sa bahay ng aking lola. Kumain kami ng mga masasarap na pagkain gaya ng lechon, pancit, at puto. Pagkatapos, nanood kami ng fireworks kasama ang aming mga kapitbahay."

Anong pangunahing impormasyon ang ipinapahayag ng talaarawan ni Carla?

 - a. Mahilig si Carla sa puto at pancit
 - b. Pumunta si Carla sa isang handaan
 - c. Ipinagdiwang ni Carla at ng kanyang pamilya ang Bagong Taon
 - d. Nagsama-sama ang buong pamilya ni Carla para manood ng pelikula
11. Alin sa mga sumusunod na pangungusap mula sa talambuhay ni Jose Rizal ang isang katotohanan?
 - a. Si Jose Rizal ay ipinanganak noong ika-19 ng Hunyo, 1861 sa Calamba, Laguna.
 - b. Si Jose Rizal ang pinakadakilang bayani ng Pilipinas.
 - c. Naging matagumpay na doktor si Jose Rizal dahil sa kanyang talino.
 - d. Si Jose Rizal ang pinakamahusay na manunulat noong kanyang panahon.
12. Batay sa talaarawan ni Ben tungkol sa kanyang buhay estudyante, alin sa mga sumusunod ang pansuportang detalye sa paksa ng kanyang araw-araw na gawain?

"Tuwing umaga, gumigising ako ng alas-sais upang maghanda para sa eskwela. Kumakain ako ng almusal at naghahanda ng gamit bago umalis. Pagdating ko sa bahay ng hapon, nag-aaral ako ng mga leksyon at gumagawa ng takdang-aralin."

 - a. Si Ben ay gumigising ng maaga para maghanda.
 - b. Nag-aaral si Ben ng mga leksyon pagkatapos ng klase.
 - c. Kumakain si Ben ng almusal bago umalis.
 - d. Si Ben ay pumapasok araw-araw sa eskwela at nag-aaral tuwing hapon.
13. Sa iyong pagbabasa ng talaarawan, napansin mong ang may-akda ay madalas na nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kanyang araw-araw na buhay. Anong layunin ng teksto ang ipinapakita ng ganitong paraan ng pagsusulat?
 - a) Magbigay ng detalye tungkol sa kasaysayan ng lugar
 - b) Magsalaysay ng mga personal na karanasan
 - c) Magturo ng mga kaugalian at tradisyon
 - d) Maglahad ng mga siyentipikong kaalaman
14. Binasa mo ang talambuhay ni Dr. Jose Rizal at napansin mong ang layunin ng teksto ay ipakita ang kanyang mga ginawa para sa bayan. Anong uri ng layunin ng teksto ang makikita dito?
 - a) Magsalaysay ng buhay ng isang bayani
 - b) Magbigay ng aral sa moralidad
 - c) Magturo ng makabagong teknolohiya
 - d) Magkuwento tungkol sa alamat
15. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng tamang paggamit ng salitang may denotasyon at konotasyon?
 - a. Ang "bituin" ay kumikislap sa langit tuwing gabi. (denotasyon)
 - b. Si Ana ay itinuturing na "bituin" ng kanyang paaralan dahil sa kanyang katalinuhan. (konotasyon)
 - c. Ang "bituin" ay isang bola ng gas sa kalawakan. (denotasyon)
 - d. Ang "bituin" ay ginagamit upang maglagay ng dekorasyon sa Pasko. (konotasyon)


16. Sa pangungusap na ito, alin ang mas akma gamitin na salita na may konotatibong kahulugan: "Siya ay isang _____ na laging nandiyan upang tumulong."
- guro (denotasyon)
 - bayani (konotasyon)
 - kaibigan (denotasyon)
 - estudyante (denotasyon)
17. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakanararapat gamitin kung ikaw ay nagkukuwento sa iyong mga kaibigan tungkol sa isang masayang pagtitipon sa inyong barangay?
- "May malaking pagkakataon na umulan, kaya't nagdala kami ng payong."
 - "Ang pagdiriwang ay isang masiglang pagsasama ng mga tao, puno ng kasiyahan at aliw."
 - "Ang tiyak na layunin ng nasabing pagtitipon ay para sa paglulunsad ng mga programa."
 - "May mga seremonya na nagpapaalala ng mga kaugalian ng ating mga ninuno."
18. Kung ikaw ay magsasalita sa isang kasal, ano ang angkop na tono at estilo ng iyong talumpati?
- "Ang inyong pagmamahalan ay parang isang larong basketball – minsan panalo, minsan talo, pero laging kapana-panabik."
 - "Sa ating lipunan, ang kasal ay isang legal na kasunduan na may kaakibat na mga responsibilidad."
 - "Sa bawat araw ng inyong buhay-mag-asawa, nawa'y maghari ang pagmamahalan at pagkakaunawaan."
 - d)** "Ang mag-asawa ay dapat manatiling tapat sa kanilang mga pangako, na parang pagsunod sa mga batas ng trapiko."
19. Alin sa mga sumusunod ang tamang hugnayang pangungusap na nagpapakita ng sanhi at bunga?
- Umalis ako ng maaga upang hindi ako mahuli sa klase.
 - Pumunta ako sa palengke at bumili ng prutas.
 - Kumain kami ng tanghalian at naglaro ng basketball.
 - Nanonood si Maria ng TV habang kumakain ng hapunan.
20. Aling pangungusap ang nagpapakita ng tamang paggamit ng hugnayang pangungusap na may sugnay na makapag-iisa at di-makapag-iisa?
- Naglinis si Ana ng bahay habang si Jose ay natutulog.
 - Matutulog ako pagkatapos kong gawin ang takdang-aralin.
 - Kumain ng saging si Carlo at uminom ng tubig si Luis.
 - d)** Si kuya ay nagtatanim ng gulay sa bakuran.
21. Pumunta si Juan sa tindahan upang bumili ng pagkain para sa hapunan. Paano mo mabubuo ang tamang pangungusap gamit ang pangatnig?
- Pumunta si Juan sa tindahan pero bumili siya ng pagkain.
 - Pumunta si Juan sa tindahan dahil bibili siya ng pagkain.
 - Pumunta si Juan sa tindahan kahit bumili siya ng pagkain.
 - Pumunta si Juan sa tindahan kung bibili siya ng pagkain.
22. Ano ang tamang paggamit ng pangngalan at pang-uring panlarawan sa pangungusap na ito?
Si Ana ay _____ at bumili ng _____ sa pamilihan.
- masipag, mga sapatos
 - masaya, malalaking isda
 - maganda, ilang halaman
 - matalino, matataas na libro
23. Alin sa mga sumusunod na pangyayari ang nagpapakita ng paggamit ng pagsasalaysay sa isang anekdota?
- Isang lola na nagkukuwento tungkol sa karanasan niya noong bata pa siya.
 - Isang bata na nagpapaliwanag kung paano gumawa ng proyekto sa paaralan.
 - Isang guro na nagtuturo kung paano magbilang ng numero.
 - Isang estudyante na nagbabasa ng impormasyon tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas.

24. Paano mo magagamit ang pagsasalaysay ng kuwentong-bayan upang ipakita ang iyong kultura sa iba?
- Pagbibigay ng hakbang-hakbang na gabay sa paggawa ng isang produkto.
 - Pagsasalaysay ng kwento tungkol sa alamat ng bundok ng Makiling.
 - Paglalarawan ng mga katangian ng isang sikat na bayani sa kasaysayan.
 - Pagbibigay ng opinyon tungkol sa mga tradisyon ng ibang bansa.
25. Anong uri ng tekstong naratibo ang ginagamit kapag nagkukuwento ang iyong lolo tungkol sa mga karanasan niya noong panahon ng digmaan?
- Anekdotang
 - Tulang pambata
 - Kuwentong-bayan
 - Talaarawan
26. Alin sa mga sumusunod na panandang nag-uugnay ng mga ideya ang pinakaangkop gamitin sa pagsusulat ng isang talambuhay?
- Bukod dito
 - Samantala
 - Dahil dito
 - Sa kabilang banda
27. Kapag ikaw ay magpapaalam sa iyong mga magulang para makipaglaro sa labas kasama ang mga kaibigan, ano ang pinaka-angkop na paraan ng pagpapahayag?
- "Ma, aalis ako. Kita tayo mamaya!"
 - "Ma, pwede po ba akong makipaglaro sa labas kasama si Juan? Babalik po ako agad."
 - "Ma, lumalabas ako. Kailangan ko maglaro."
 - "Ma, labas lang ako, huwag mo na akong hanapin."
28. May ginawa kang pagkakamali sa loob ng bahay at gusto mong humingi ng paumanhin sa iyong lola. Alin sa mga sumusunod ang pinakawastong paraan ng paghingi ng paumanhin?
- "Sorry, Lola. Hindi ko sinasadya."
 - "Lola, wag kang magalit. Nagkamali lang ako."
 - "Pasensya na po, Lola. Hindi ko po sinasadya. Patawarin niyo po ako."
 - "Lola, kasalanan mo rin ito, kaya pareho tayong may mali."
29. Alin sa mga sumusunod na kilos ang pinakaangkop gamitin upang ipakita ang pagtanggig o pagsalungat sa isang usapan nang hindi gumagamit ng salita?
- Pagtaas ng kamay
 - Pagpadyak ng paa
 - Pagiling ng ulo
 - Pagpalakpak ng kamay
30. Isang bata ang nakatanggap ng magandang balita mula sa kanyang guro. Alin sa mga sumusunod na ekspresyon ng mukha ang inaasahang maipapakita niya?
- Nakakunot na noo
 - Nakangiting malapad
 - Nakasimangot
 - Nakapikit ang mga mata
31. Sa isang kasalan, paano mo maipapakita ang wastong paggamit ng wika kung ikaw ay magbibigay ng pagbati sa bagong kasal?
- "Naku, bakit ngayon lang kayo nagpakasal?"
 - "Sana'y maging masaya at matibay ang inyong pagsasama!"
 - "Bakit hindi pa kayo nagkakaanak?"
 - "Mahal siguro ang ginastos niyo sa kasal na ito."
32. Sa isang binyagan, paano mo dapat tanungin ang mga magulang ng bata kung gusto mong alamin ang pangalan ng bagong binyag?
- "Bakit yan ang napili ninyong pangalan?"
 - "Sino ba ang nagdesisyon sa pangalan niya?"
 - "Anong magandang pangalan ng inyong anak?"
 - "Ano ang pangalan ng binyagan, at ano ang kahulugan nito para sa inyo?"

33. Basahin ang sumusunod na bahagi ng isang liham pangkaibigan:
 Mahal kong kaibigan,
 Maligayang kaarawan sa iyo! Sana'y masaya ka ngayong araw at magpatuloy kang maging masipag sa iyong pag-aaral. Lagi kang mag-iingat.
 Tanong:
 Anong layunin ang ipinapakita sa liham na ito?
 a. Paghingi ng paumanhin
 b. Pag-aanyaya
 c. Pagpapahayag ng pagkilala at pagbati
 d. Paghingi ng tulong
34. Piliin ang pinaka-angkop na pahayag na maaaring gamitin upang simulan ang isang liham pangkaibigan na bumabati sa iyong kaklase matapos siyang manalo sa paligsahan.
 a. "Sumasang-ayon ako sa desisyon mo at nais kong magbigay ng mungkahi."
 b. "Malugod kitang binabati sa iyong pagkapanalo! Talagang ipinakita mo ang iyong galing."
 c. "Pasensya ka na kung hindi ako nakasama sa paligsahan."
 d. "Kung sakaling kailangan mo ng tulong, nandito lang ako."
35. Sa isang aklat na tungkol sa mga hayop sa Pilipinas, nais mong malaman kung saan matatagpuan ang impormasyong tungkol sa mga uri ng tarsier. Ano ang dapat mong tingnan?
 a. Talasanggunian
 b. Talaan ng nilalaman
 c. Paunang salita
 d. Glosaryo
36. Kapag nagbabasa ka ng isang kuwento sa isang aklat, at gusto mong balikan ang partikular na kabanata tungkol sa mga alamat, saan ka unang titingin?
 a. Talasanggunian
 b. Talaan ng nilalaman
 c. Katawan ng aklat
 d. Pahina ng karapatang-ari
37. Ano ang ipinahihiwatig ng mga elementong biswal na ito?



- a. Kailangan ng bata ng mas maraming pahinga.
 b. Ang pag-inom ng gatas ay nagpapalakas ng katawan.
 c. Mas mainit ang panahon kapag umaga.
 d. Mahalaga ang paglalaro ng basketbol araw-araw.
38. Anong mensahe ang ipinahihiwatig ng paggamit ng mga elementong biswal na ito?



- a. Kailangan magtanim ng mas maraming puno upang maganda ang kapaligiran.
- b. Mahalaga ang paggamit ng mga makina sa pagpapanatili ng kalikasan.
- c. Masarap mamasyal sa tabing dagat tuwing tag-init.
- d. Marami ang namamatay na hayop dahil sa polusyon.

39. Alin sa mga sumusunod na babala ang pinakaangkop kapag may papalapit na bagyo at inaasahang malakas ang ulan at hangin?

- a. "Bawal Tumawid, Nakamamatay"
- b. "Magsuot ng Face Mask sa Pampublikong Lugar"
- c. "Lumikas sa Mas Ligtas na Lugar"
- d. "Iligpit ang mga Laruan Pagkatapos Gamitin"

40. Ano ang pangunahing layunin ng anunsiyong ito?



- a. Para hikayatin ang mga residente na magbantay sa kanilang mga puno
- b. Para magsagawa ng gawaing magpapabuti sa kalikasan
- c. Para ipaalam na may darating na kalamidad
- d. Para ibenta ang mga halaman at puno sa mga residente

SUSI SA PAGWAWASTO

1. B
2. C
3. B
4. D
5. B
6. C
7. C
8. A
9. B
10. C
11. A
12. D
13. B
14. A
15. B
16. B
17. B
18. C
19. A
20. B
21. B
22. B
23. A
24. B
25. A
26. C
27. B
28. C
29. C
30. B
31. B
32. D
33. C
34. B
35. B
36. B
37. B
38. A
39. C
40. B

**TALAAN NG ISPESIPIKASYON
IKALAWANG NA MARKAHANG PAGSUSULIT SA FILIPINO 4**

Learning Competencies	No. of Days	Percent age	No. of Items	Item Placement Under Each Cognitive Domains					
				Remembering	Understanding	Applying	Analyzing	Evaluating	Creating
PAKIKINIG AT PAGBASA (KASANAYANG PAGTANGGAP)									
Nauunawaan ang tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong bayan)	3		3		1 2 3				
Natutukoy ang tayutay (asonansya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto	3		3	4 5 6					
Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan	3		3			7 8 9			
Nauunawaan ang tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili o autobiography	3		3		10 11 12				
Nasusuri ang layon ng teksto	2		2				13 14		
PAGSASALITA AT PAGSULAT (KASANAYANG PRODUKTIBO)									
Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap	2		2			15 16			
Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag	2		2			17 18			
Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap	2		2					19 20	
Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag	2		2			21 22			
Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso	2		2			23 24			
Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto	2		2					25 26	
Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:	2		2		27 28				

Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:	2		2		29 30				
Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may binyagan at kasalan	2		2			31 32			
Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layong akademik at transaksiyonal na teksto • liham pangkaibigan (pagbati)	2		2				33 34		
Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (talaan ng nilalaman, katawan ng aklat)	2		2				35 36		
PANUNUOD AT PRESENTASYON									
Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo) at direksyon (directional) na nasa tekstong namasid o napanood	2		2		37 38				
Napaghahambing ang kahulugan ng mga tekstong biswal na makikita sa mga babala, anunsiyo, at patalastas	2		2				39 40		
TOTAL	40	100 %	40	3	12	13	8	4	0

Prepared by:

YOUR NAME

Teacher III

Contents Checked:

NAME

Master Teacher I

PRINCIPAL'S NAME

Principal

Contents Noted:

NAME

Public Schools District Supervisor

Contents Checked/Verified:

NAME

Education Program Supervisor